# 2K PAMILYA SA QC MAGANDA ANG 2022

Daily Tribune (Philippines) · 6 Jan 2022 · 2 · SUPREMO'S TAKE ALVIN ROSALES MURCIA

Tila magiging masagana ang Bagong Taon ng mahigit 2,000 pamilya ng informal settlers families (ISF) sa Quezon City, nang bilhin ng lokal na pamahalaan ang inookupa nilang lupa sa mahabang panahon na pag-aari ng mga pribadong indibidwal at mga pribadong kumpanya.

Pinursigi kasi ni Quezon City Mayor Joy Belmonte na maisulong ang 'Direct Sale Program' upang maka-usap ang mga talagang may-ari ng mga lupang matagal ng pinamahayan ng mga ISF sa iba't ibang lugar sa lungsod.

Matagumpay naman ang naging pakikipagusap na ginawa ni Mayor Belmonte sa mga may-ari ng lupa dahil pumayag ang mga ito na ipagbili na lamang ang kanilang ari-arian na inokupa ng mga ISF. Nasundan agad ito ng pormal na pirmahan ng mga 'deed of sale' upang maisalin naman ang pagmamay-ari ng mga lupa sa mga ISF.

Masasabing "fruitful" ang pakikipag-usap ng alkalde dahil ang zonal value pala ng mga lote ay P9,000-P18,000 per square mabibili lang ng ISF sa P3k per square meter para sa ISF ng Old Balara, at P5k per square meter naman Baesa.

Kayang-kaya ng Quezon City na bilhin ang mga nabanggit na lote dahil ito ang pinakamayamang lungsod sa buong bansa ayon sa ulat ng Commission on Audit dahil sa total asset nitong P452.333 bilyon sa 2020.

Ang QC ang pinakamayamang lungsod sa buong bansa sa loob ng limang taon ngunit tinalo ito ng Makati City noong 2016 hanggang 2017.

Ngunit ngayon, na-overtake nang QC ang Makati dahil meron lamang itong recorded total asset P238.464 biyon.

Napag-alaman naman na sa mga taga-Villa Beatriz Laura sa may Barangay Old Balara, 50 pamilya ng ISF ang nabiyayaan ng pag-aari ng lupa na kanilang tinirikan ng mga tahanan sa mahabang panahon.

Napapayag ni Mayor Belmonte ang pribadong indibidwal na nagmamay-ari ng 5,000 square na lote na ibenta na lamang ang ari-arian sa lokal na pamahalaan, na siya namang magbabahagi sa mga ISF ng titulo ng lupa sa ilalim ng Land Acquisition and Socialized Housing Program.

Ang dalawamput-isang taon namang pangamba ng dalawang libong (2,000) pamilya ng ISF sa Barangay Baesa sa lupang pag-aari ng Prosperity Industrial Properties ay tinapos na rin ni Mayor Belmonte dahil naganap na din kamakailan ang pirmahan ng 'Deed of Sale' sa pagitan ng Quezon City Goverment at ng nasabing pribadong kumpanya na kinatawan ni Susan Uy na nagmamay-ari ng 24,285 square meter na lote sa F. Carlos Medez-Pajo Phase 1 hanggang Phase 5.

Ang problema sa pabahay ang isa sa prayoridad ng punong lungsod namabigyan ng ibayong pansin at solusyunan.

Nauna rito ang pagbili din ng lokal na pamahalaan sa anim na lupain na may kabuuang 22.5 hektarya ng lupa na pag-aari ng Ramawil at Kanejin Properties sa Payatas, Tofmi Properties sa Bagong Silangan at Howmart Phase 1 sa Baesa kung saan ang mga pamilya ng ISF ay halos 40 taon nang naninirahan.